

Una versión traducida de este documento estará disponible en www.seiu1021.org y en las oficinas de SEIU 1021. Ang isinaling bersyon ng dokumentong ito ay makukuha sa www.seiu1021.org at sa mga opisina ng SEIU 1021.

將有一份翻譯本會在工會網址 www.seiu1021.org 上登出及可在 SEIU 1021 工會各辦事處取閱。

Một bản dịch của văn kiện này sẽ có sẵn ở trang www.seiu1021.org và tại văn phòng của SEIU 1021.

Sa pagkakataong may matukoy na pagkakaiba sa pagitan ng isinaling bersyon at ng bersyong Ingles ng dokumentong ito, ang bersyong Ingles ang mananaig.



PAUNAWA SA NOMINASYON AT ELEKSYON

Ang lahat ng puwesto sa Ehekutibong Lupon ng SEIU Local 1021 ay bukas para sa nominasyon at eleksyon. Ang mga nominasyon ay tatanggapin sa pamamagitan ng nalagdaang petisyon (tingnan ang mga detalye sa ibaba). Isang eleksyon sa pamamagitan ng balotang ipapadala sa koreo ay magaganap alinsunod sa mga patakaran at pamamaraang nakasaad sa paunawang ito. Ang mga ispesipikong posisyon na inonomina at ihahalal ay nakalista sa ibaba.

Ang mga sumusunod na patakaran at pamamaraan ay umiiral para sa paghahalal ng mga miyembro ng Ehekutibong Lupon at dapat sundin ng lahat ng miyembro, nominado, kandidato, at kawani. Dapat ay nalalaman ng mga nominado at kandidato na ipinagbabawal ng mga patnubay sa eleksyon ng Kagawaran ng Paggawa ang paggamit ng pakinabang ng unyon o nagpapatrabao sa mga kampanya para sa eleksyon. Ang pangangampanya sa lugar na pinagtatrabahuhan sa panahon ng trabaho ay isang paglabag alinsunod sa mga patnubay ng Kagawaran ng Paggawa (tingnan ang #15 "Pangangampanya" at #16 "Mga Salapi ng Unyon/Nagpapatrabaho" sa ibaba). Inaasahang susunod ang mga kandidato at kani-kanilang mga tagasuporta sa mga patakaran at pamamaraang ito, dahil ang mga napatunayang paglabag ay maaaring maging sanhi upang mabalewala ang mga resulta ng eleksyon.

Makikipagkasundo ang Komite sa Eleksyon ng Local 1021 sa isang Administrador ng Eleksyon upang tulungan ang Komite ng Eleksyon na isagawa ang eleksyon alinsunod sa mga patakarang ito. Kabilang sa magiging mga tungkulin ng Administrador ay ang pagpapadala ng balota sa koreo, pagpoproseso ng mga dobleng paghingi sa balota, pamamahala ng proyekto, paghahatid ng impormasyon sa Komite ng Eleksyon ukol sa mga solusyon sa mga problema sa balota, pagbibilang ng balota, at paggawa ng polyeto ng botante, at pagbibigay ng sertipikasyon ng Administrador sa mga resulta ng eleksyon sa Komite ng Eleksyon.

(1) Ang mga posisyong ihahalal para sa tungkulin sa Ehekutibong Lupon (maglilingkod sa loob ng tatlong taon) ay nakalista sa ibaba.

- Presidente
- Mga Panrehiyong Bise Presidente
- Bise Presidente ng Politika
- Bise Presidente ng Pagsasaayos
- Bise Presidente ng Representasyon
- Kalihim
- Ingat-yaman
- Pinuno ng Komite ng Hustisyang Panlipunan at Ekonomiya
- Pinuno ng Lupon ng Seguridad sa Pagreretiro
- Pinuno ng Konseho ng mga Retirado
- Mga Pinuno ng Industriya
- Mga Kinatawan ng Probinsya
- Komite sa Badyet at Pananalapi

(a) Ang mga sumusunod na posisyon ay ihahalal sa at-large na paraan:

President
Vice President of Politics
Bise Presidente ng Pagsasaayos
Bise Presidente ng Representasyon
Kalihim
Ingat-yaman
Pinuno ng Komite ng Hustisyang Panlipunan at Ekonomiya
Pinuno ng Komite ng Seguridad sa Pagreretiro

Awtomatikong magiging kinatawan ang Presidente sa SEIU International Convention. Ang lahat ng ibang miyembro ng Ehekutibong Lupon ay ituturing bilang kwalipikadong mga kinatawan sa SEIU International Convention. Kung ang bilang ng mga miyembro ng Ehekutibong Lupon ay mas malaki sa bilang ng mga kinatawan para sa SEIU International Convention, ang lahat ng kasunod na kinatawan ay pipiliin nang ala-suwerte mula sa mga miyembro ng Ehekutibong Lupon.

(b) **Pinuno ng Konseho ng mga Retirado:** Ang mga retiradong miyembro na may magandang katayuan ay maghahalal ng isang Pinuno ng Konseho ng mga Retirado. (Ang mga retiradong miyembro ay maaari lang tumakbo bilang Pinuno ng Konseho ng mga Retirado at maaari lang bumoto para sa Pinuno ng Konseho ng mga Retirado at Pinuno ng Seguridad sa Pagreretiro). Ang Pinuno ng Konseho ng mga Retirado ay maglilingkod bilang isa sa mga miyembro ng Komite ng Badyet at Pananalapi.

(c) **Mga Pinuno ng Industriya:** Ang mga miyembrong may magandang katayuan sa bawat industriya ay maghahalal ng isang (1) Pinuno ng Industriya. **IKabilang sa mga Industriya ay Mga Lungsod, Lungsod/Probinsya ng San Francisco, Mga Probinsya, Mga Korte, Pangkalusugang Pangangalaga, Pribadong Sektor/Non-Profit, Mga Rehistradong Nars, Edukasyon, at mga Espesyal na Distrito.** (Paalala: Ang Industriya ng Edukasyon ay dating pinangalanang Industriya ng mga Paaralan. Isinagawa ang pagbabago sa pangalan ng industriya alinsunod sa Artikulo 7.2 ng Mga Tuntunin ng SEIU 1021.)

(d) **Mga Kinatawan ng Probinsya:** Ang mga miyembrong may magandang katayuan sa bawat probinsya na may 100 miyembro sa pinakamababa, ay maghahalal ng isa (1) hanggang tatlong (3) miyembro ng Ehekutibong Lupon. Tama ang proporsyon ng representasyon at tinutukoy ito ng bilang ng mga miyembrong may magandang katayuan sa bawat probinsya, ibig sabihin, 100-5,000 miyembro sa isang probinsya = isa (1) miyembro ng lupon; 5,001-10,000 miyembro sa isang probinsya = dalawang (2) miyembro ng lupon; 10,001 o mas maraming miyembro sa isang probinsya = tatlong (3) miyembro ng lupon. Ang “probinsya” ay tinutukoy bilang lokasyon ng punong-tanggapan ng mga nagpapatrabaho ng mga miyembro ng kinakatawan ng Local 1021. Ang Alameda at San Francisco ay kapwa maghahalal ng tatlong (3) miyembro ng Ehekutibong Lupon. Ang Amador, Butte, Calaveras, Contra Costa, Del Norte, Marin, Mendocino, Napa, Sacramento, San Joaquin, Shasta, Solano, Sonoma, at Yuba ay maghahalal ng isang (1) miyembro ng Ehekutibong Lupon. Kapag may mahigit sa isang (1) industriya sa isang probinsya at may mahigit sa 5,000 miyembro ang naturang probinsya, ang mga posisyong pamprobinsya at hahawakan ng mga miyembro ng iba-ibang industriya. Ang kandidatong makakatanggap ng pinakamaraming boto ay idedeklarang inihalal sa unang posisyon sa probinsya. Ang kandidatong makakatanggap ng pangalawang pinakamaraming boto mula sa ibang industriya sa unang kandidato ay idedeklarang bilang inihalal sa pangalawang posisyon sa probinsya. Ang kandidatong makakatanggap ng pangatlong pinakamaraming boto mula sa ibang industriya sa unang at pangalawang kandidato ay idedeklarang bilang inihalal.

(e) **Komite sa Badyet at Pananalapi** Ang mga miyembrong may magandang katayuan sa bawat rehiyon ay maghahalal ng dalawang (2) miyembro ng Komite sa Badyet at Pananalapi. Tinutukoy ang mga rehiyon gaya ng mga sumusunod:

Rehiyon A. North Central (Napa, Solano, Sacramento, Butte, Shasta, Yuba)

Rehiyon B. North Coast (Marin, Mendocino, Del Norte, Sonoma)

Rehiyon C. East Bay

Rehiyon D. San Francisco

Rehiyon E. San Joaquin/Calaveras/Amador

Kapag may mahigit sa isang industriya o purok ng probinsya sa isang rehiyon, ang pangalawang posisyon sa Komite sa Badyet at Pananalapi para sa rehiyong iyon ay mapupunta sa kandidatong makakatanggap ng pinakamaraming boto mula sa ibang industriya o purok ng probinsya.

(f) **Mga Panrehiyong Bise Presidente:** Ang mga miyembrong may magandang katayuan sa bawat rehiyon ay maghahalal ng isang Bise Presidente para sa rehiyong iyon.

(2) Ang mga paglalarawan ng mga tungkulin ng mga posisyon sa itaas ay makikita sa Mga Tuntunin ng SEIU Local 1021 (makukuha sa bawat tanggapan ng Local 1021 at naka-post sa website ng unyon www.seiu1021.org).

(3) Walang miyembro na magiging kandidato para sa mahigit sa isang (1) tungkulin o posisyon sa Ehekutibong Lupon sa bawat pagkakataon.

(4) **KWALIPIKASYON:** Upang maging kwalipikado, ang kandidato ay dapat naging miyembro (maliban sa Pinuno ng Konseho ng mga Retirado) na tuloy-tuloy na may magandang katayuan alinsunod sa Mga Tuntunin at patakaran ng SEIU Local 1021 na pinagtibay ng Komite sa Eleksyon ng SEIU at ng Ehekutibong Lupon ng SEIU nang di-bababa sa dalawang (2) taon bago ang **Nobyembre 9, 2018**. Sa kaso ng isang miyembro kung saan ang sangay, yunit, o hurisdiksyon nito ay naging kabilang ng Local 1021 nang mas mababa sa dalawang (2) taon bago ang katapusan ng paghaharap ng petisyon para sa nominasyon, dapat ay miyembro na noon ang kandidato na may tuloy-tuloy na may magandang katayuan sa sangay, yunit, o hurisdiksyon nang hindi bababa sa kalahati (1/2) ng haba ng panahon ng pagkatatag ng sangay.

Inuudyukan ang mga miyembro, lalo na ang mga nagbabalak tumakbo para sa tungkulin sa Unyon na kumpirmahin ang kasaysayan ng kanilang mga pagbabayad ng mga bayarin at estado ng pagkamiyembro sa pamamagitan ng pagtawag sa Kagawaran ng Pagkamiyembro sa Lokal sa 877-687-1021. Dapat maresolba ang kulang na (mga) kabayaran upang masertipikahan bilang isang kandidato ang isang nominado.

(a) Ang mga kwalipikadong kandidato para sa mga at-large na tungkulin sa Unyon (Presidente, Bise Presidente ng Politika, Bise Presidente ng Pagsasaayos, Bise Presidente ng Representasyon, Kalihim, Ingat-yaman, Pinuno ng Komite ng Hustisyang Panlipunan at Ekonomiya, Pinuno ng Komite ng Seguridad sa Pagreretiro) ay dapat na mga regular na miyembro na kasalukuyang nagtatrabaho sa isang bargaining unit ng SEIU 1021.

(b) Ang mga kwalipikadong kandidato para sa Kinatawan ng Purok ng Probinsya ay dapat mga regular na miyembrong kasalukuyang nagtatrabaho sa isang bargaining unit ng SEIU 1021 na nakabase sa purok ng probinsyang kinakatawan nila (Ang “Probinsya” ay inilarawan sa Patakaran 1(d) sa itaas.)

(c) Ang mga kwalipikadong kandidato para sa Pinuno ng Industriya ay dapat mga regular na miyembrong kasalukuyang nagtatrabaho sa isang bargaining unit ng SEIU 1021 na nakabase sa industriyang kinakatawan nila.

(d) Ang mga kwalipikadong kandidato para sa Panrehiyong Bise Presidente at mga miyembro ng Komite ng Badyet at Pananalapi ay dapat mga regular na miyembrong kasalukuyang nagtatrabaho sa isang bargaining unit ng SEIU 1021 sa rehiyon kung saan sila tumatakbo (Ang “Rehiyon” ay tinutukoy sa Patakaran 1(e) sa itaas.)

(e) Ang isang kandidato para sa pinuno ng Konseho ng mga Retirado ay dapat retiradong miyembro na may magandang katayuan gaya ng tinutukoy sa Mga Tuntunin ng SEIU Local 1021.

(5) Ang pagboto sa mga kandidatong wala ang pangalan sa balota (write-in candidate) at pagbotong proxy ay hindi pinapahintulutan sa eleksiyong ito.

(6) **MGA NOMINASYON:** Isasagawa ang mga nominasyon sa pamamagitan ng isang petisyong ihaharap ng Komite ng Eleksyon at nilagdaan ng di-bababa sa dalawampu’t-limang (25) miyembro ng SEIU Local 1021 na may magandang katayuan, gaya ng nakasaad sa ibaba:

(a) Ang miyembrong lalagda sa petisyon ng nominasyon para sa Pinuno ng Industriya ay dapat isang miyembro na may magandang katayuan sa katulad na industriyang iyon at kasalukuyang nagtatrabaho sa isang bargaining unit ng SEIU 1021.

(b) Ang miyembrong lalagda sa petisyon ng nominasyon para sa Panrehiyong Bise Presidente ay dapat isang miyembro na may magandang katayuan sa rehiyon ding iyon at kasalukuyang nagtatrabaho sa isang bargaining unit ng SEIU 1021.

(c) Ang miyembrong lalagda sa petisyon ng nominasyon para sa Kinatawan ng Purok ng Probinsya ay dapat isang miyembro na may magandang katayuan sa Probinsya ding iyon at kasalukuyang nagtatrabaho sa isang bargaining unit ng SEIU 1021.

(d) Ang miyembrong lalagda sa petisyon ng nominasyon para sa posisyon sa Komite ng Badyet at Pananalapi ng isang rehiyon ay dapat isang miyembro na may magandang katayuan sa rehiyon ding iyon at kasalukuyang nagtatrabaho sa isang bargaining unit ng SEIU 1021.

(e) Ang miyembrong lalagda sa isang petisyon ng nominasyon para sa Pinuno ng Komite ng Seguridad sa Pagreretiro ay dapat isang retiradong miyembro na may magandang katayuan sa anumang industriya, rehiyon o probinsya.

(f) Tatlong retiradong miyembro lang na may magandang katayuan ang maaaring lumagda sa petisyon para sa Pinuno ng Konseho ng mga Retirado.

(G) Ang miyembrong lalagda ng isang petisyon ng nominasyon para sa alinman sa mga at-large (sa buong lokalidad) na posisyon (ibig sabihin, Presidente, Bise Presidente ng Politika, Bise Presidente ng Pagsasaayos, Bise Presidente ng Representasyon, Kalihim, Ingat-yaman, Pinuno ng Komite ng Hustisyang Panlipunan at Ekonomiya, at Pinuno ng Komite ng Seguridad sa Pagreretiro) ay dapat isang miyembro na may magandang katayuan sa anumang industriya, rehiyon o probinsya at kasalukuyang nagtatrabaho sa isang bargaining unit ng SEIU 1021.

Ang mga retiradong miyembro na may magandang katayuan ay makakalagda lang sa mga petisyon ng nominasyon at makakaboto para sa mga sumusunod na posisyon: Pinuno ng Konseho ng mga Retirado at Pinuno ng Komite ng Seguridad sa Pagreretiro.

Kasama sa isang petisyon ng nominasyon ang lagda ng nominado, at lahat ng lagda ay dapat nakasulat at nilagdaan. Ang lagda ng nominada ay bibilangin bilang isa sa dalawampu't-limang kinakailangang lagda. Lubos na hinihikayat ng komite ng eleksyon, ngunit hindi iniiaatas, na mangolekta ang mga kandidato ng mahigit sa dalawampu't-limang (25) lagda upang mabawasan ang tsansang magkulang sa dalawampu't-limang (25) kwalipikadong lagda ang nominado. Simula sa hindi lalampas ng Oktubre 5, 2018, ang mga petisyon para sa nominasyon ay maaaring kunin mula sa mga tanggapan ng unyon na may mga kinatawan sa Oakland, San Francisco, Sacramento, Stockton, Santa Rosa, at Fairfield, sa website ng SEIU Local 1021 (www.seiu1021.org), o sa Komite ng Eleksyon.

Dapat ipadala sa pamamagitan ng koreo ang mga orihinal na petisyon (hindi mga kopya) sa Election Committee ng Local 1021 c/o P.O. Box 30308, Oakland, CA 94604 at dapat matanggap sa post office box na iyon nang hindi lalampas ng 5:00 pm, Nobyembre 9, 2018. Dapat matanggap ang mga petisyon sa post office box at hindi maaaring iabot lang sa isang tanggapan ng Local 1021. Inirerekomenda na ipadala sa pamamagitan ng koreo na may serbisyong patunay ng paghahatid (proof-of-delivery) ang mga petisyon. Ang mga binawing petisyon ay dapat isumite nang nakasulat sa Election Committee ng Local 1021 c/o P.O. Box 30308, Oakland, CA 94604 at dapat matanggap sa post office box na iyon nang hindi lalampas ng **5:00 pm, November 9, 2018**. Dapat matanggap ang mga binawing petisyon sa post office box at hindi maaaring iabot lang sa isang tanggapan ng Local 1021.

(7) Kung isang (1) kwalipikadong kandidato lang ang nanomina para sa isang posisyon, siya ay ituturing na naihalal na. Ang pangalan ng kandidato ay isasama sa balota, at sa ilalim ng posisyon, nakalagay ang salitang "Naihalal" sa tabi nito.

(8) **PAUNAWA SA ELEKSYON:** Sa mismong petsa o sa mga panahong malapit sa Oktubre 1, 2018, ang kopya nitong "Paunawa sa Nominasyon at Eleksyon" ay ipapadala sa pamamagitan ng koreo sa lahat ng miyembro sa huling tirahang isinaad nila.

(9) **POLYETO NG PAHAYAG NG KANDIDATO:**

Ang mga kandidato ay maaaring magsumite ng mga pahayag sa (mga) wikang gusto nila, upang maisama sa polyeto ng pahayag ng kandidato na ipapadala sa pamamagitan ng koreo, sa mga miyembrong may magandang katayuan. Dapat magsumite ang mga kandidato sa pamamagitan ng e-mail, ng isang electronic na pahayag sa pdf sa Komite ng Eleksyon ng Local 1021 sa 2019.election.committee@seiu1021.org nang hindi lalampas ng **5:00 pm, Nobyembre 9, 2018**. Ang mga pahayag ng kandidato ay dapat i-e-mail at hindi maaaring iabot lang, i-fax, o ipadadala sa pamamagitan ng koreo sa isang tanggapan ng Local 1021. Ang mga pahayag ng kandidato ay dapat naka-type at isumite sa 8½" (lapad) x 5½" (taas) na puting papel nang may di-baba sa ½" na margin (itaas, ibaba, at mga gilid). Ang mga pahayag ay limitado sa dalawang daang (200) salita (ang salitang may gitling ay ituturing na 1 salita)

Pananagutan ng mga kandidato na ilagay ang kanilang pangalan at posisyong kanilang tinatakbo sa pamulaan o heading ng kanilang mga pahayag, na kasama sa 200 limit ng salita. Para lang sa pamulaan ng pahayag ng kandidato, 1 salita lang ang magiging bilang sa buong pangalan ng kandidato at ang posisyong kanilang tinatakbo ay 1 salita rin lang ang magiging bilang. Kung lalabas ang pangalan ng kandidato at ang posisyong kaniyang tinatakbo sa ibang bahagi ng pahayag, magkakahiwalay na salita ang magiging bilang sa mga iyon. Hindi pananagutan ng Komite ng Eleksyon ang paglalagay ng pangalan ng kandidato at ang posisyon na tinatakbo ng kandidato sa pamulaan o heading.

Ang pagsasalin ng orihinal na pahayag sa ibang wika o mga wika ay pananagutan ng kandidato. Ang pahayag ng kandidato—kasama ang anuman at ang lahat ng pagsasaling-wika at litrato—ay dapat magkasya sa espasyong iyon, 8½" (lapad) x 5½" (high) nang may di-bababa sa ½" na margin at limitado sa 200 salita.

Opsyonal ang mga litrato ng kandidato. Maaaring magsumit ng litratong passport sized (2" x 2") bilang bahagi ng pahayag ng kandidato ngunit dapat isumite sa electronic na paraan ang mga litrato, sa jpeg file o tif file at magkasya sa mga dimensyon ng papel na nakalista sa itaas. Pananagutan ng kandidato na maglaan ng espasyo para sa, at tukuyin ang lokasyon ng litrato sa layout ng pahayag ng kandidato. Dapat headshot (kita ang mukha) ang litrato at hindi maaaring may kasamang mga salita, larawan, o logo. Hindi maaaring may mga logo ang mga pahayag ng kandidato.

Ang pagkakasulat sa pahayag ng kandidato ay ipiprint nang gaya ng pagkakatanggap dito sa pdf file, na hanggang 200 salita lang. Ang mga pahayag ng kandidato ay ipapakita ayon sa pagkakasunod-sunod ng alpabeto, apelyido (Para sa mga pangalang may gitling, isasaayos ang pangalan ayon sa unang titik ng apleyidong may gitling) sa ilalim ng heading ng bawat posisyon. Kung hindi matanggap ang pahayag ng kandidato mula sa kandidato, ang pangalan ng kandidato at ang posisyong itinatakbo niya ay ipi-print sa polyeto ng pahayag ng kandidato bilang "Walang natanggap na pahayag" sa tabi o sa ibaba ng pangalan ng kandidato. Ang mga pahayag ng kandidato ay ipapadala sa pamamagitan ng koreo sa mga kwalipikadong botante, at ipo-post sa website ng Local 1021. Luurong din ang pahayag ng kandidato ng isang kandidatong nag-urong sa kaniyang petisyon.

(10) **SERTIPIKASYON AT PAG-AAPELA NG KANDIDATO:** Bibigyan ng Komite ng Eleksyon ng sertipikasyon ang lahat ng kandidato nang hindi lalampas ng Nobyembre 21, 2018. Ang mga kandidatong papawalan ng karapatan ng Komite ng Eleksyon dahil sa kakulangan ng kwalipikasyon ay aabisuhan sa pamamagitan ng email sa o bago ang Nobyembre 28, 2018. Ang mga pag-aapela dahil sa kawalan ng karapatan ay dapat iharap sa Ehekutibong Lupon nang hindi lalampas ng

5:00 pm, Disyembre 10, 2018. Ang ganitong mga pag-aapela ay diringgin ng Ehekutibong Lupon sa **Disyembre 15, 2018.**

(11) **LISTAHAN NG KANDIDATO:** Ang mga kwalipikadong kandidato ay ililista sa balota ayon sa pagkakasunod-sunod ng alpabeto, sa kaayusan na apelyido muna para sa bawat posisyon

(12) **PAGPADALA NG BALOTA SA PAMAMAGITAN NG KOREO:** Ipapadala ang mga balota sa lahat ng miyembro na may magandang katayuan (natanggap na ang kabayaran para sa mga kasalukuyang bayarin at iba pang pinansyal na obligasyon sa unyon para sa Nobyembre 2018) sa huling tirahan na isinaad nila sa pamamagitan ng first class U.S. Mail sa o sa mga panahong malapit sa Enero 11, 2019. Kasama sa koreo ang isang balota, sobre ng balota na may markang "sobre ng lihim na balota," isang prepaid na business reply na sobre, mga tagubilin sa balota sa wikang English, Spanish, Tagalog, Chinese, at Vietnamese, isang libritong naglalaman ng mga pahayag ng kandidato at ang paunawang ito.

(13) **MGA IPINAPADALA SA KOREO NA PATUNGKOL SA PAGKAMIYEMBRO:** Ang isang kandidato, sa kaniyang sariling pagpapasya, ay maaaring magpadala sa pamamagitan ng koreo ng mga dokumentong may-kinalaman sa eleksyon sa Local 1021 membership, o ng bahagi nito, hangga't isusumite ito sa pagpapadalhang lugar na itinakda ng unyon nang napapanahon, at alinsunod sa mga patakaran ng eleksyon. Dapat isangguni ng mga kandidatong nagnanais magpadala ng mga dokumento sa pangangampanya sa pamamagitan ng koreo ang ganitong mga padala sa JB Mailing Services (4960 Blum Road, Martinez, CA 94553; telepono (925) 370-1775) at siyang mananagot para sa lahat ng gastusin na kaugnay ng pagpapadala. Susubukan ng Local 1021 na sumunod sa mga kahilingan para sa pagpapadala ng mga bahagi (hal., mga steward) ng membership. Dapat magpadala ang kandidato ng mga nakasulat na tagubilin sa pagpapadalhang lugar, patungkol sa petsa kung kailan dapat ipadala ang dokumento at dapat magbigay ng kahit tatlong (3) araw ng trabaho para maihanda ang padala. Hindi makukuha ng lugar na pagpapadalhan ang database ng mga kwalipikadong botante hanggang pagkatapos ng Enero 11, 2019.

(14) **MGA LISTAHAN NG MEMBERSHIP:** Maaaring tingnan (hindi kopyahin) ng mga kwalipikadong kandidato ang listahan ng mga kwalipikadong botante na itatago sa tanggapan ng Local 1021 sa 29th Street (447 - 29th St., Oakland, CA 94609) sa regular na oras ng trabaho. Inirerekomenda na gumawa ng appointment ang mga kandidato nang maaga sa pamamagitan ng pagtawag sa Kagawaran ng Membership ng Local 1021 sa (877) 687-1021.

(15) **PANGANGAMPANYA;** Hinihikayat ang mga sangay/bargaining unit ng Local 1021 na magbigay ng makatuwiran at patas na access sa lahat ng kandidato para matugunan ang membership. Halimbawa, kung may isang kandidatong inanyayahang magsalita sa isang pulong ng unyon, dapat ay maimbitahan ang lahat ng kandidato ng parehong posisyon na magsalita sa pulong din na iyon. Dapat mangampanya ang mga kandidato sa sarili nilang oras, na maaaring pati na rin tuwing bakasyon. Hinihikayat ang mga kandidato na itala ang panahon ng kanilang pangangampanya. Dapat limitahan ng mga kandidato ang kanilang pangangampanya sa mga oras na di-nagtatrabaho ang mga miyembro, halimbawa, tuwing mga break o tanghalian, bago at pagkatapos ng trabaho. Hindi maaaring gamitin ng mga kandidato ang logo o letterhead ng Local 1021 sa kanilang mga materyales sa pangangampanya. Walang mga kagamitan ng SEIU gaya ng mga kamiseta, keychain, o iba pang bagay ang dapat ipamahagi o gamitin ng sinomang kandidato o ng kanilang mga tagasuporta bilang aktibidad sa pangangampanya ng eleksyon mula ngayon hanggang sa matapos ang eleksyon sa Marso 2019 (Hindi nito hinahadlangan ang pagsuot o paggamit ng kagamitan ng SEIU sa normal na daloy ng trabaho ng unyon hangga't walang nagaganap na aktibidad sa pangangampanya ng eleksyon.)

(16) **MGA PAKINABANG MULA SA UNYON/NAGPAPATRABAHO:** Ipinagbabawal ang paggamit ng pondo at iba pang pakinabang mula sa unyon at nagpapatrabaho (kasama ang pera, mga pasilidad, kagamitan, supply, mga online webpage (kabilang ang mga pahina ng sangay), online na pahina ng social media (kabilang ang mga pahina ng sangay), email at pangangampanya sa oras na binayaran ng unyon o nagpapatrabaho) upang suportahan ang sinomang kandidato. Walang sinomang kandidato o potensyal na kandidato ang maaaring humingi o tumanggap ng pinansyal na suporta o iba pang tuwiran o di-tuwirang suporta sa anumang anyo mula sa di-miyembro ng Service Employees International Union, pati sa alinmang kinakatawang manggagawa ng SEIU Local 1021 na hindi mga miyembro. Ang mga balitang-sulat, lathala at website ng sangay/bargaining unit ay hindi maaaring magtampok o magbigay ng di-pangkaraniwang istorya ng mga kandidato sa panahon ng eleksyon ngunit hinihikayat ang mga sangay/bargaining unit na ipaalala sa mga miyembro na bumoto at ilathala ang isekdyul ng eleksyon sa mga balitang-sulat.

(17) **MGA KAPARIS NA BALOTA:** Kapag may isang miyembrong hindi nakatanggap ng balota sa koreo pagdating ng **Enero 18, 2019** maaari siyang humiling kaparis na balota sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Duplicate Request Answering Service ng Komite ng Eleksyon sa 1-855-240-0363 na matatawagan 24/7 sa buong panahon ng eleksyon. Ihahanda at ipapadala ng Administrador ng Eleksyon ang kaparis na balota. Aatasan ang mga miyembrong tatanggap ng kaparis na balot na lumagda sa isang pahayag na hindi pa sila nakakaboto. Ang mga kaparis na balota ay malinaw na mamarkahan nang ganito. Ang takdang petsa upang humiling ng kaparis na balota ay sa **6:00 pm, Pebrero 1, 2019.**

(18) **TAKDANG PETA SA NG BALOTA:** Ang mga balota ay makukuha sa mula sa post office box na may mahigpit na access na kontrolado ng Administrador ng Eleksyon o sa taong inatasan nito upang magamit lamang para sa pagtanggap at pagtatago ng mga balotang may boto. Ang mga naibalik na hindi naipadala ay itatago sa hiwalay na post office box na kontrolado ng Administrador ng Eleksyon. Ang lahat ng balota ay dapat matanggap sa itinalagang post office box pagdating ng **9:00 am, Pebrero 13, 2019,** upang maituring na balido.

(19) **PAGBIBILANG NG BALOTA:** Ang isang balota ay hindi ituturing na balido at hindi isasama sa bilang maliban kung sa pakikipag-usap ng Administrador ng Eleksyon sa Komite ng Eleksyon, ay matukoy nila na ang balota ay natanggap mula sa isang kwalipikadong botante. May natatanging code o marka para sa bawat botante na maaaring i-print sa ibabalik na sobre ng balota, at maaari itong gamitin ng Administrador ng Eleksyon para sa pagsasaayos ng mga balota at pagtukoy sa kwalipikasyon ng botante sa panahon ng pagbibilang ng balota. Kukunin ang mga balota sa ganap na 9:00 am sa Pebrero 13, 2019 ng Administrador ng Eleksyon at ng Komite ng Eleksyon at ihahatid sa tanggapan ng unyon sa 100 Oak Street, Oakland. Bubuksan ang mga balota at bibilangin ng Administrador ng Eleksyon kasama ng Komite ng Eleksyon sa tanggapan ng Unyon sa Oak Street (100 Oak Street, Oakland, CA 94607) sa **Pebrero 13, 2019.** Ang mga resulta ng eleksyon ay ipo-post sa website ng Local 1021 at sa mga tanggapan ng Local 1021.

(20) **MGA TAGAMASID:** Maaaring magmasid sa paghahanda, pagpapadala sa koreo, pagkuha, at pagbilang ng mga balota ang kandidato o hindi kandidatong miyembro na tagamasid na itinalaga ng kandidato. Ang petsa, oras at lugar ng paghahanda at pagpapadala sa koreo ng mga parsela ng balota ay tutukuyin ng Administrador ng Eleksyon. Tanging ang

Administrador ng Eleksyon at ang mga kawaning pasuweldo ng Administrador ng Eleksyon ang hahawak ng mga sobre ng balota, mga balota, papel na bilangan, o iba pang mga bagay na kaugnay ng pagbibilang ng mga balota. Magkikita-kita ang Komite ng Eleksyon sa ganap na 8:00 am sa tanggapan ng Local sa Oak Street, Oakland, sa Pebrero 13, 2019 upang kunin ang mga balota.

(21) **MGA KINUWESTIYONG BALOTA:** Kapag may alinman sa mga balota na kinuwestiyon ng mga kandidato o tagamasid o ng Komite ng Eleksyon sa panahon ng pagbibilang ng balota, ang naturang mga kinuwestiyong balota ay itatabi bago buksan at bilangin ang mga balotang walang problema, at tutukiyin ng Administrador ng Eleksyon kasama ng Komite ng Eleksyon ang pagkabalido ng mga kuwestiyon. Ang mga kinuwestiyong balota na hindi sapat ang bilang upang maapektuhan ang mga resulta ng eleksyon ay hindi bibilangin.

(22) **MGA PROBLEMA SA ELEKSYON:** Ang anumang problema o protesta tungkol sa pagsasagawa ng eleksyon ay dapat isumite nang nakasulat, nang may mga partikular na katotohanan na magpapatunay sa problema o protesta, at dapat matanggap ng Election Committee c/o Local 1021, P.O. Box 30308, Oakland, CA 94604 nang hindi lalampas ng **5:00 pm, Pebrero 25, 2019**. Ang mga problema o protesta na lumampas sa takdang panahon ay hindi isasaalang-alang. Isasaalang-alang lamang ang mga problema sa eleksyon kung ang mga ito ay nagbabanggit ng mga partikular na paglabag ng mga patakaran at pamamaraan ng eleksyon at/o ng mga Tuntunin ng Local 1021 at kung ang di-umano'y paglabag ay makakaapekto sa kalalabasan ng eleksyon. Iimbestigahan ng komite ang mga problema at maglalabas ng ulat nang hindi lalampas ng **Marso 16, 2019**. Ang Komite ng Eleksyon ang panghuling awtoridad sa lahat ng isyu sa eleksyon at kampanya na maaaring harapan ng apela na makikita sa Pandaigdigang Konstitusyon at Tuntunin ng SEIU.

(23) **KAWANI NG UNYON:** Habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin, ang kawani ng Unyon ay mananatiling hindi kalahok at nyutral pagdating sa pag-eendorso ng mga kandidato at sa mga aktibidad sa pangangampanya.

(24) Maaaring gumawa ang Komite ng Eleksyon at ang Administrador ng Eleksyon ng mga probisyon sa proseso ayon sa pangangailangan, para sa wastong pagsasagawa ng eleksyong ito. Kapag may mga salungatan sa pagitan ng Mga Patakaran at Tuntunin ng Eleksyon, ang Mga Tuntunin ang siyang mananaig.

(25) **KWALIPIKASYON UPANG BUMOTO:** Ang lahat ng miyembro ng SEIU Local 1021 na may magandang katayuan alinsunod sa mga tuntunin ay kwalipikadong bumoto sa eleksyon. Ang isang miyembrong may magandang katayuan ay tinukoy bilang miyembro na nakabayad sa mga bayarin at iba pang pinansyal na obligasyong para sa unyon, batay sa mga bayaring natanggap para sa Nobyembre 2018. Ang mga kinakatawang manggagawa o kwalipikadong retirado ng SEIU Local 1021 na hindi mga miyembro ay may pananagutang tiyakin na isusumite nila ang kanilang application sa pagkamiyembro kung ang lokal ay nakakatanggap ng mga bayarin sa ngalan ng miyembrong iyon pagdating ng Nobyembre 30, 2018. Ang mga miyembro ng SEIU Local 1021 na hindi pa bayad sa mga bayarin, ay may pananagutang bayaran nang buo ang mga kakulangan pagdating ng Nobyembre 30, 2018.

ISKEDYUL NG ELEKSYON

(Paalala – Ang lahat ng oras ay Pacific Standard Time)

Oktubre 1, 2018	Sa mismong petsa o sa mga panahong ito, ipapadala sa mga miyembro ang paunawa sa eleksyon, mga patakaran, at pamamaraan.
Oktubre 5, 2018	Ang mga petisyon ng nominasyon ay makukuha na simula sa petsang ito.
Nobyembre 9, 2018	5:00pm ang takdang oras para matanggap ang mga petisyon ng nominasyon sa takdang post office box. Ang takdang petsa para sa pagbawi ng naisumite nang mga petisyon at pahayag. Takdang petsa rin sa pagtanggap ng pdf file ng pahayag ng kandidato at jpeg file, tif file ng litrato ng kandidato.
Nobyembre 21, 2018	Takdang petsa para masertipikahan ang mga kwalipikadong kandidato ng Komite ng Eleksyon.
Nobyembre 28, 2018	Paunawa ng kawalan ng karapatan at paunawa ng pag-aapela na ii-email sa mga kandidatong nawalan ng karapatan.
Nobyembre 30, 2018	Mga miyembro lang na may magandang katayuan hanggang sa petsang ito ang kwalipikadong bumoto.
Disyembre 10, 2018	5:00 pm ang takdang oras para sa mga kandidatong nawalan ng karapatan upang magharap ng apela sa Ehekutibong Lupon.
Disyembre 15, 2018	Diringgin ng Ehekutibong Lupon ang mga apela.
Enero 11, 2019	a mismong petsa o sa mga panahong ito, ipapadala sa mga miyembro na may magandang katayuan ang mga balota at impormasyon para sa botante.
Enero 18, 2019	Kung may miyembrong hindi pa nakakatanggap ng balota sa koreo pagdating ng petsang ito, maaaring tumawag ang miyembrong ito sa Duplicate Ballot Request Answering Service ng Administrador ng Eleksyon sa 1-855-240-0363 at humiling ng kaparis na balota.
Pebrero 1, 2019	Ang takdang oras ay 6:00 pm sa petsang ito upang humiling ng kaparis na balota.
Pebrero 13, 2019	Ang takdang oras ay 9:00 am sa pagtanggap ng mga balota sa itinalagang post office box. Magkikita-kita ang Komite ng Eleksyon sa ganap na 8:00 am sa tanggapan ng Local 1021 sa Oak Street (100 Oak St., Oakland, CA 94607). Kukunin ang mga balota sa post office box na mahigpit ang access sa ganap na 9:00 am . Bibilangin ang mga balota ng administrador ng eleksyon at ng Komite ng Eleksyon sa tanggapan ng Local 1021 sa Oak Street. Ang mga resulta ng eleksyon ay ipo-post sa website ng Local 1021 (www.seiu1021.org) at sa mga tanggapan ng Local 1021 pagkatapos masertipikahan ang bilang ng balota.
Pebrero 25, 2019	Ang mga problema at protesta sa eleksyon ay dapat matanggap sa post office box ng Local 1021 (P.O. Box 30308, Oakland, CA 94604) pagdating ng 5:00 pm sa petsang ito upang maisaalang-alang ng Komite ng Eleksyon.
Marso 16, 2019	Maglalabas ng ulat ang Komite ng Eleksyon ukol sa anumang problema o protesta sa eleksyon sa petsang ito.

Dapat tumawag ang mga miyembro sa 1-888-864-5328 Ext 13 Lunes-Biyernes (hindi kasama ang mga pista-opisyal), 7:00 am hanggang 6:00 pm, kung may mga tanong tungkol sa eleksyon. Upang humiling ng kahalinhin

na balota, tumawang sa Duplicate Request Answering Service ng Administrador ng Eleksyon sa 1-855-240-0363 24/7 sa buong panahon ng eleksyon.

TIYAKIN NA NAPAPANAHON ANG IYONG ADDRESS!

**TAWAGAN ANG MEMBER RESOURCE CENTER SA (877) 687-1021 UPANG KOMPIRMAHIN ANG IYONG ADDRESS
TIYAKIN NA MAKAKABOTO KA!**